



OFFICE OF THE MUNICIPAL MAYOR
gabnecija_50@yahoo.com

EXECUTIVE ORDER NO. 2019-02
PAGPAPATUPAD NG BATAS REPUBLIKA 7394 O CONSUMER ACT OF THE PHILIPPINES
SA BAYAN NG GABALDON, NUEVA ECIIJA

SAPAGKAT, bilang consumer o mamimili, binigyan tayo ng ating pamahalaan ng proteksyon sa ilalim ng Batas Republika Bilang 7394 o Consumer Act of the Philippines na naisabatas ng kongreso noong Abril 13, 1992 at isinasaad rito ang polisiya ng ating estado na pagbibigay proteksyon sa interes ng bawat consumer o mamimili, pagtataguyod ng ating mabuting kapakanan at pagkakaroon ng tamang panuntunan sa pangangalakal at pagnenegosyo. Kinikilala at binibigyan halaga din ng pamahalaan sa pamamagitan ng Batas Republika Bilang 7394 ang mataas na papel ng mga consumers sa pagpapaunlad ng ekonomiya ng ating bansa;

SAPAGKAT, isinasaad sa Batas Republika 7394 ang walong karapatan nating mga consumer o mamimili gaya ng mga sumusunod:

UNA-ang “Right to Basic Needs bilang mga

consumer o mamimili, lahat tayo ay may karapatan sa sapat na pagkain, pananamit, masisilungan, pangangalagang pangkalusugan, edukasyon at kalinisan upang mabuhay. Dahil rito, makakaasa tayo na mayroon basic goods sa merkado sa abot-kayang halaga at dekalidad.

PANGALAWA-Tayo ay may “Karapatan sa Tiyak na Kaligtasan” sa mga panindang makakasama o mapanganib sa aking kalusugan. Ang 'right to safety' ay nagbibigay sa atin ng proteksyon at umasa tayo na ang mga 'manufacturers' ay magsasagawa ng 'extensive safety and performance testing' bago nila ilabas sa merkado ang kanilang paninda at anumang paninda sa merkado as may 'labels' na nagsasaad ng tamang impormasyon tungkol sa mga produkto, kung papaano ito gamitin, gayundin ang 'precautions o warning signs.

PANGATLO- “Karapatan sa lahat ng Impormasyon” na kailangan natin para makapamilya. Karapatan din natin mapangalagaan laban sa mapanlinlang at madayang patalastas o etiketa. Kung kaya't dapat bigyan tayo ng tamang impormasyon na dapat natin basahin mabuti upang makapamilya ng wasto.

PANG-APAT-bilang consumer o mamimili, tayo ay may “Karapatan na Makapamilya” Bibigyan tayo ng dekalidad na mga produkto at serbisyo na mapagpipilian.

PANGLIMA-“Karapatan natin ang makatiyak na ang Kapakanan” natin bilang mamimili ay lubusang isasaalang-alang sa paggawa at pagpapatupad ng anumang patakaran ng pamahalaan.

PANG-ANIM- Ang “Right to REDRESS” ay nagbibigay proteksyon at compensation laban sa mababang uri ng paninda o serbisyo. Kung kailangan, mabibigyan tayo ng libreng tulong sa paglilitis upang ipagtanggol ang ating karapatan. Maaari natin isauli ang mga depektibong bagay sa mga tindahan o tao na pinagbilhan natin nito.

PANGPITO- “Right to Consumer Education” o karapatan na makakuha ng kailangang kaalaman upang makapamilya ng wasto.

IKAWALO-“Right to a Healthy Environment.”Karapatan natin mabuhay at magtrabaho sa ligtas at malinis na mundong magpapahintulot ng marangal at malinis na pamumuhay;

SAPAGKAT, isinasaad rin ng Batas Republika-7394 na lahat ng consumer products na ibinebenta nang tingi sa publiko ay nangangailangan na kabitan ng price tag, label o marka kung saan nakalagay ang presyo ng nasabing produkto. Ang price tag, label o marka ay kinakailangang nakasulat ng malinaw, hindi mapanlinlang, hindi sira-sira ang pinagsulatan at nakalagay sa bawat produktong ibinebenta sa merkado. Ang price tag o marka ay dapat nakasulat sa Philippine Peso o perang Pilipino, maliban sa mga produktong ibinibenta sa foreign currency o pera ng ibang bansa. Anumang produkto ay hindi pwedeng ibenta sa mas mataas na presyo kaysa sa nakasaad sa nasabing price tag, label o marka;

SAPAGKAT, isinasaad rin sa Batas Republika-7394 na ang mga repair shop o consumer repair/service ay kinakailangan maglagay ng presyo ng serbisyo sa bawat produkto o bagay na kanilang kukumpunihin, kinakailangan ito ay nakasulat ng malinaw, hindi mapanlinlang, hindi sira-sira ang pinagsulatan at nakalagay sa bawat produktong o bagay na kanilang kukumpunihin;

SAPAGKAT, isinasaad rin sa Batas Republika-7394 na ang lahat ng bagay o produktong ibinebenta sa merkado na may Value Added Tax ay kinakailangan idagdag ang VAT sa presyo ng produktong itinitingi o ibinebenta at kailangan rin na ang mga sample o dummy items na nakadisplay sa merkado o pamilihan ay may nakalagay na price tag, label o marka at ito ay kinakailangang nakasulat ng malinaw, hindi mapanlinlang, at hindi sira-sira ang pinagsulatan;

SAPAGKAT, isinasaad rin sa Batas Republika-7394 na ang sinumang lumabag sa naturang batas ay may kaukulang parusa o danyos at ang paglabag dito ay isang kadahilanan sa Pagkansela ng Permiso at Lisensya.

NGAYON, SAMAKATWID, ako, si **ATTY. JOBBY PETINES EMATA,** Punong Bayan ng Gabaldon, Lalawigan ng Nueva Ecija, sa bisa ng kapangyarihang kaloob sa akin ng Konstitusyon, at lahat ng umiiral na batas ukol sa aking katungkulan ay agarang ipinatutupad ang isinasaad ng **BATAS REPUBLIKA 7394 O CONSUMER ACT OF THE PHILIPPINES SA BAYAN NG GABALDON, NUEVA ECIA.**

Nilagdaan sa Bayan ng Gabaldon, Nueva Ecija, ngayong ika-17 ng Hulyo sa taon ng ating Panginoon, 2019.

ATTY. JOBBY PETINES EMATA
Punong Bayan